Social Security

# Mga Benepisiyo Para sa Survivors (Nabiyudo/Nabiyuda at Na-ulila)

www.socialsecurity.gov

## Tawagan ang Social Security

### Bisitahin ang aming website

Ang aming website, ***www.socialsecurity.gov***, ay napakamahalagang mapag-kukunan ng kaalaman tungkol sa lahat ng mga palatuntunan ng Social Security. Sa aming website, maaari ka ring:

- Mag-apply para sa pagreretiro, pagkakabalda, at mga benepisyong Medicare;
- Makuha ang address ng lokal na tanggapan ng iyong Social Security;
- Repasuhin ang iyong *Statement ng Social Security*;
- Humiling ng kapalit na Medicare card; at
- Maka-hanap ng mga kopya ng aming mga publikasyon.

Ang ilan sa mga serbisyong ito ay makukuha sa Ingles.

### Tumawag sa aming libreng numero

Dagdag pa sa paggamit ng aming website, maaari ka ring tumawag sa amin ng libre sa **1-800-772-1213**. Tinuturing namin ang lahat ng mga tawag na kumpidensyal. Kung ikaw ay nagsasalita ng Kastila, pindutin ang 2. Para sa lahat ng ibang mga wika, pindutin ang 1, manatili sa linya at manahimik habang nagsasalita ang mga awtomatikong hudyat sa boses Ingles, hanggang mayroong isang kinatawan na sumagot. Ang kinatawan ay tatawag sa isang tagasalin-wika o interpreter upang tulungan ka sa iyong tawag. Ang serbisyo para sa tagasalin-wika ay libre. Maaari naming sagutin ang mga partikular na katanungan mula alas-7 ng umaga hanggang alas-7 ng gabi, Lunes hanggang Biyernes. Sa pangkalahatan, hindi mo na kailangang maghintay nang matagal kung ikaw ay tatawag sa loob ng linggo matapos ang Martes. Maaari kaming magbigay ng impormasyon sa Ingles sa pamamagitan ng awtomatikong serbisyong telepono 24-oras sa isang araw. Kung ikaw ay bingi o may kahirapan sa pandinig, maaari kang tumawag sa aming TTY na numero, sa **1-800-325-0778**.

Nais din naming siguraduhin na maka-tatanggap ka ng wasto at magalang na serbisyo. Ito ang dahilan kung bakit mayroon kaming pangalawang kinatawan ng Social Security na nagmo-monitor ng ilang mga tawag sa telepono.

## Ano ang nasa loob

**Seguro ng Social Security para sa nabiyudo/nabiyuda at sa na-ulila** .................... 4

**Kung ikaw ay nagtratrabaho ano ang dapat mong malaman tungkol sa mga benepisiyo para sa survivors** .......................... 4

**Kapag binawian na ng buhay ang isang kamag-anak... ano ang dapat mong malaman tungkol sa mga benepisiyo para sa survivors** ....................... 7

## Seguro ng Social Security para sa nabiyudo/nabiyuda at sa na-ulila

Ang kawalan ng kumikita sa pamilya ay maaaring magdulot ng masidhing paghihirap kapwa damdamin at pananalapi. Ang Social Security ay tumutulong sa pamamagitan ng pagkalooban ng kita ang mga pamilya ng mga manggagawang binawian na ng buhay. Sa katotohanan, 98 ng bawat 100 bata ay maaaring makakuha ng mga benepisiyo kung ang isang nagtratrabahong magulang ay binawian na ng buhay. At ang Social Security ay nagbabayad ng mas maraming mga benepisiyo sa mga bata kaysa sa alinmang ibang pederal na programa.

Ang librito na ito ay magbibigay sa iyo ng buod ng mga benepisyo ng Social Security para sa survivors na ibinabayad sa asawa at mga anak ng isang manggagawa na binawian na ng buhay. Hindi binabalak ng librito na ito na sagutin ang lahat ng mga katanungan na maaaring mayroon ka. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa programa ng Social Security para sa survivors, bisitahin ang aming website o tawagan ang aming mga libreng numero.

## Kung ikaw ay nagtratrabaho ano ang dapat mong malaman tungkol sa mga benepisiyo para sa survivors

### "Life insurance" mula sa Social Security

Iniisip ng marami na ang Social Security ay programa lamang ng pagreretiro. Ngunit ang ilan sa mga buwis sa Social Security na iyong binabayaran ay pumupunta sa pagbigay ng survivors insurance para sa mga manggagawa at sa kanilang mga pamilya. Sa katotohanan, ang halaga ng survivors insurance na mayroon ka sa ilalim ng Social Security ay maaaring mas malaki pa kaysa sa halaga ng iyong pansariling life insurance.

Kapag binawian ka na ng buhay, ang ilan sa mga kapamilya mo ay maaaring maging-marapat na tumanggap ng mga benepisiyo para sa survivors. Kabilang dito ang mga biyuda, mga biyudo (at mga diborsyong biyuda at biyudo), mga anak at mga magulang na sinusustentuhan mo.

## Paano ako kikita ng survivors insurance?

Habang ikaw ay nagtratrabaho at nagbabayad ng mga buwis sa Social Security, ikaw ay kikita ng mga kredito papunta sa iyong mga benepisiyo ng Social Security. Ang bilang ng mga taon ng pagtratrabao na kakailanganin mo upang maaring maging-marapat ang iyong pamilya para sa mga benepisiyo ng Social Security para sa survivors ay batay sa edad mo nang ikaw ay binawian na ng buhay. Kapag mas bata ang isang tao, mas kaunti ang mga taon na kakailanganin niyang magtrabaho. Ngunit walang nangangailangan ng higit sa 10 taon ng trabaho upang maging-marapat para sa anumang benepisiyo ng Social Security.

**Sa ilalim ng isang tanging patakaran,** kung ikaw ay nakapagtrabaho ng isa at kalahating taon lamang sa tatlong taon bago kayo binawian na ng buhay, ang mga benepisiyo ay maaaring ibayad sa iyong mga anak at sa iyong asawa na nag-aalaga sa mga anak mo.

## Sino ang makakakuha ng mga benepisyo para sa mga naiwan batay sa iyong trabaho?

- **Ang iyong balo ay maaaring makatanggap** ng buong mga benepisyo sa buong edad ng pagreretiro. Ang buong edad ng pagreretiro para sa mga naiwan ay 66 taong gulang para sa mga tao na ipinanganak noong 1945-1956, at unti-unting tatas sa edad 67 para sa mga tao na ipinanganak noong 1962 o mas huli. Binawasang mga benepisyo ng mga nabalo ay maaaring matanggap sa mas maagang edad na 60. Kung ang iyong naiwang asawa ay may kapansanan, ang mge benepisyo ay maaaring magsimula sa edad na 50. Para sa karagdagang impormasyon sa mga nabalo at iba pang mga naiwan, bumisita sa ***www.socialsecurity.gov/survivorplan***.
- **Ang iyong balo ay maaaring makatanggap** ng mga benepisyo sa anumang edad kung kanyang inaalagaan ang iyong anak na tumatanggap ng mga benepisyo ng Social Security at mas bata sa edad 16 o may kapansanan.
- **Ang iyong mga anak na hindi pa kinakasal** na mas bata sa edad 18 (o hanggang sa edad 19 kung sila ay aktibong nag-aaral sa elementarya o high school) ay maaari ring makatanggap ng mga

benepisyo. Ang iyong mga anak ay maaaring makakuha ng mga benepisyo sa anumang edad kung sila ay walang kapansanan bago ang edad 22 at nananatiling may kapansanan. Sa ilalim ng ilang mga kalagayan, ang mga benepisyo ay maaaring ibigay sa iyong mga **anak sa unang asawa (stepchildren), apo, apo sa unang asawa o ampon**.

- **Ang iyong mga magulang na umaasa (dependent parents)** ay maaaring makatanggap ng mga benepisyo kung sila ay nasa edad 62 o mas matanda. (Upang maging-marapat bilang mga sustentado ang iyong mga magulang, kinakailangan mong magbigay kahit kalahati man lamang ng sustento sa kanila).

## Mga benepisyo para sa mga na-diborsyong asawang naiwan

Kung ikaw ay diborsyado o diborsyada, ang iyong dating asawa na edad 60 o mas matanda (50-59 kung may kapansanan) ay maaaring makakuha ng mga benepisyo kung ang iyong pagkakakasal ay tumatagal nang kahit 10 taon. Ang iyong dating asawa, gayunpaman, ay hindi kailangang tugunan ang patakaran sa edad o haba-ng-pakakakasal kung siya ay nag-aalaga ng kanyang anak na mas bata sa edad 16 o ay mayroong kapansanan at karapat-dapat din batay sa iyong trabaho. Ang batang ito ay dapat likas na anak ng iyong dating asawa o legal na inampong bata.

Ang mga benepisyo binibigay sa iyo bilang isang na-diborsyong asawang naiwan na nakapagtugon sa rekesitos sa edad o kapansanan bilang isang balo ay hindi makakaapekto sa halaga ng mga benepisyo para sa ibang mga naiwan na tumatanggap ng mga benepisyo batay sa talaan ng empleyado/manggagawa. Gayunpaman, kung ikaw ay ang naiwang na-diborsyong ina o ama na inaalagaan ang anak ng empleyado/manggagawa na mas bata sa edad 16 o may kapansanan, ang iyong benepisyo ay hindi makakaapekto sa halaga ng mga benepisyo ng iba batay sa talaan ng empleyado/manggagawa.

## Gaano kalaki ang mga benepisyo?

Gaano man kalaki ang makukuha ng iyong pamilya mula sa Social Security ay depende sa iyong karaniwan o average na kinikita sa iyong buong buhay. Ibig sabihin na kapag ikaw ay malaki ang kinikita, malaki rin ang kanilang magiging mga benepisyo.

Dapat mong siyasatin at tingnan ang *Paglalahad* o *Social Security Statement*, na pinapadala sa mga manggagawa na edad 60 at mas matanda na hindi tumatanggap ng mga benepisyo ng Social Security. Kung ikaw ay isang manggagawa na edad 18 o mas matanda, maaari kang makakuha ng Paglalahad o *Statement* online. Ang *Statement* ay nagbibigay ng pagtatantiya ng mga benepisyo ng mga naiwan na maaaring bayaran, maging ang pagtatantiya ng mga benepisyo sa pagreretiro at kapansanan, at ibang mahahalagang impormasyon. Upang lumikha ng isang account online sa pagrepaso ng iyong Statement, bumisita sa aming website sa ***www.socialsecurity.gov/mystatement***.

## Ang isang beses na pagbabayad para sa kamatayan

Mayroong isang beses na pagbabayad na $255 na maaaring gawin kapag ikaw ay binawian na ng buhay kung sapat kayong nagtratrabaho. Ang pagbabayad na ito ay maaari lamang ibayad sa iyong asawa o menor-de-edad na mga anak kung natutupad nila ang ilang mga pangangailangan.

# Kapag binawian na ng buhay ang isang kamag-anak... ano ang dapat mong malaman tungkol sa mga benepisiyo para sa survivors

## Paano ako mag-hahain para sa mga benepisiyo?

### *Kung ikaw ay hindi kasalukuyang tumatanggap ng mga benepisiyo sa Social Security*

Dapat kang mag-hain kaagad para sa mga benepisiyo para sa survivors dahil sa ilang kaso, ang mga benepisiyo ay ibabayad mula sa panahong ikaw ay nag-hain at hindi mula sa panahon kung kailan binawian na ng buhay ang manggagawa.

Maaari kang mag-hain sa pamamagitan ng telepono o sa alinmang tanggapan ng Social Security. Kakailanganin namin ang ilang impormasyon, ngunit huwag ipagpaliban ang pag-hain dahil wala sa iyo ang lahat na mga kinakailangang dokumento. Tutulungan ka naming makuha ang kailangan mo. Kailangan namin ang alinman sa mga orihinal na dokumento o mga kopyang sertipikado ng ahensiya na namamahala ng mga ito.

Kabilang sa impormasyon na kailangan namin ang:

- Katunayan ng binawian ng buhay—mula sa isang punerarya o sertipiko ng kamatayan;
- Ang iyong numero ng Social Security, at gayon din para sa binawian ng buhay na manggagawa;
- Ang iyong sertipiko ng kapanganakan;
- Ang iyong sertipiko ng pagkakasal, kung ikaw ay isang biyuda o biyudo;
- Ang iyong mga papeles sa diborsiyo, kung ikaw ay nag-hahain bilang isang diborsyong biyuda o biyudo;
- Kung mayroon man, ang mga numero ng Social Security ng mga sustentadong bata;
- Ang mga W-2 na pormularyo ng binawian ng buhay na manggagawa o ang pederal balik buwis sa sariling-empleyo para sa kamakailang taon lamang at
- Ang pangalan ng iyong bangko at ang iyong numero ng kuwenta upang ang iyong mga benepisiyo ay deretsong maideposito sa iyong kuwenta.

### *Kung ikaw ay kasalukuyang tumatanggap ng mga benepisyo sa Social Security*

Kung ikaw ay tumatanggap ng mga benepisyo bilang isang asawa batay sa trabaho ng iyong asawa, kapag iyong ipinagbigay-alam sa amin ang pagkamatay, aming babaguhin ang iyong tinatanggap sa mga benepisyo ng mga naiwan (survivors benefits). Kung kailangan namin ng karagdagang impormasyon, tatawagan ka namin.

Kung ikaw ay tumatanggap ng mga benepisyo batay sa iyong sariling trabaho, tawagan o bumisita sa amin, at aming titingnan kung ikaw ay makakatanggap ng karagdagang bayad bilang isang balo. Kung magkagayon, ikaw ay makakatanggap ng kombinasyon ng mga benepisyo na katumbas na susunod na mas mataas na halaga. Kailangan mong kumpletuhin ang isang aplikasyon upang lumipat sa ‘survivors benefits’, at kakailanganin naming makita ang katibayan ng pagkamatay (death certificate) ng iyong asawa.

## Magkano ang aking matatanggap?

Ang halaga ng benepisiyo ay batay sa mga kinikita ng manggagawang binawian na ng buhay. Kapag mas malaki ang ibinayad ng manggagawa sa Social Security, magiging mas malaki ang iyong mga benepisiyo.

Ginagamit ng Social Security ang saligang halaga ng benepisyo ng manggagawang binawian ng buhay, at tinatantiya kung anong porsyento ang karapat-dapat mapunta sa mga naiwan. Ang porsyento ay depende sa edad at relasyon ng mga naiwan sa manggagawa. Kung ang taong pumanaw ay tumatanggap ng binawasang mga benepisyo, ang benepisyo ng iyong naiwan ay batay sa halagang iyon. Naririto ang ilang mga karaniwang sitwasyon:

Eto ang mga pinaka-karaniwang kalagayan:

- Ang isang biyuda o biyudo, sa buong edad ng pagreretiro o mas matanda, ay tatanggap ng 100 porsiyento ng saligang halaga ng benepisiyo ng manggagawa;
- Ang isang biyuda o biyudo, na 60 taong gulang o mas matanda, ngunit hindi pa umaabot ng buong edad ng pagreretiro, ay tatanggap ng 71-99 porsiyento ng saligang halaga ng benepisiyo ng manggagawa; o
- Ang isang biyuda o biyudo, anuman ang edad, na may anak na wala pang 16 taong gulang, ay tatanggap ng 75 porsiyento ng saligang halaga ng benepisiyo ng manggagawa.
- Ang mga bata ay tatanggap ng 75 porsiyento ng halaga ng benepisiyo ng manggagawa.

## Ang mga pinakamalaking benepisyo ng pamilya

May hangganan ang mga benepisiyo na maaaring ibayad sa iyo at sa ibang mga kapamilya bawat buwan. Naiiba-iba ang hangganan, ngunit ito ay karaniwang nasa pagitan ng 150 at 180 porsiyento ng halaga ng benepisiyo ng manggagawang binawian na ng buhay.

## Mga pensiyon mula sa trabaho na hindi sinasaklaw ng Social Security

Kung tumatanggap ka ng pensiyon mula sa trabaho kung saan ikaw ay nagbabayad ng mga pangbuwis na Social Security, ang pensiyon na iyon ay walang epekto sa iyong mga benepisiyo sa Social Security. Gayunman, kung nakakuha ka ng pensiyon mula sa trabaho na hindi sinaklaw ng Social Security—halimbawa, ang federal civil service, ang ilang estado o lokal na trabaho sa gubyerno o trabaho sa ibang bansa—maaaring mabawasan ang iyong benepisiyo sa Social Security.

Para sa karagdagang impormasyon, tawagan ang Social Security upang hilingin ang mga publikasyon: *Government Pension Offset* (*Ang Pag-offset ng Pensiyon sa Gobyerno,* Publikasyon Blg. 05-10007-magagamit sa Ingles lamang) —para sa mga manggagawa ng gubyerno na maaaring maging-marapat para sa mga benepisiyo sa Social Security sa talaan ng kinikita ng isang asawa; at *Windfall Elimination Provision* (*Probisyon para sa Pagtanggal ng Windfall*, Publikasyon Blg. 05-10045-magagamit sa Ingles lamang) — para sa mga taong nagtrabaho sa ibang bansa o sa mga manggagawa ng gubyerno na maging-marapat rin para sa kanilang mga sariling benepisiyo sa Social Security.

## Paano kung nagtratrabaho ako?

Kung ikaw ay nagtratrabaho habang tumatanggap ng mga benepisiyo ng Social Security para sa survivors at ikaw ay mas bata sa buong edad ng pagreretiro, ang iyong mga benepisiyo ay maaaring bawasan kung ang iyong mga kinikita ay higit sa ilang mga hangganan. (Ang buong edad sa pagreretiro ay 65 dati para sa mga taong ipinanganak bago ng 1938 ngunit ito ay unti-unting itataas sa 67 para sa mga taong ipinanganak noong 1960 o huli pa). Upang malaman kung ano ang mga hangganan sa kinikita para sa taon na ito at kung paano mababawasan ng mga kinikitang higit sa mga hangganan na iyon ang iyong mga benepisiyo sa Social Security, makipag-alam sa amin upang hilingin ang publikasyon na *Paano Naaapektuhan Ng Trabaho Ang Iyong Mga Benepisiyo* (Publikasyon Blg. 05-10069-TL).

Walang hangganan sa mga kinikita kapag umabot ka na sa buong edad ng pagreretiro.

At babawasan ng iyong mga kinikita ang iyong mga benepisiyo **lamang**, hindi ang mga benepisiyo ng mga ibang kapamilya.

## Paano kung magpapakasal ako muli?

Sa pangkaraniwan, hindi ka makakakuha ng mga benepisiyo ng biyuda o biyudo kung ikaw ay nagpakasal muli bago ng edad na 60. Ngunit ang pagpapakasal muli pagkatapos ng edad na 60 (o edad na 50 kung ikaw ay may kapansanan) ay hindi hahadlang sa iyo na makuha ang mga pagbabayad ng benepisiyo batay sa trabaho ng iyong **dating** asawa. At sa edad na 62 o mas matanda, maaari kang makakuha ng mga benepisiyo batay sa trabaho ng iyong bagong asawa, kung ang mga benepisyong iyon ay mas malaki.

## Karapatang mag-apela

Kung ikaw ay hindi sumasang-ayon sa isang desisyong ginawa sa iyong kahilingan, maaari mo itong iapela. Para sa mga paliwanag sa mga hakbang na maaari mong gawin, humingi ng kopya ng *Ang Proseso ng Mga Apela* (Publication No. 05-10041-TL).

Maaari mong pangasiwaan ang iyong sariling apela kasama ang libreng tulong mula sa Social Security o maaari kang pumili na magkaroon ng isang kinatawan na siyang tutulong sa iyo. Maaari ka naming bigyan ng impormasyon tungkol sa mga organisasyon na maaaring makatulong sa iyo na makahanap ng isang kinatawan. Para sa karagdagang impormasyon hinggil sa pagpipili ng isang kinatawan, humingi ng kopya ng *Ang Iyong Karapatan na Katawanin* (Publication No. 05-10075-TL).

www.socialsecurity.gov

**Social Security Administration**
SSA Publication No. 05-10084-TL
Survivors Benefits (Tagalog)
July 2012